

# Totoo Ba Ito?

## PAGSUSURI SA KATOTOHANAN SA BAKUNANG COVID-19

### 1 Ang mga bakunang COVID-19 ay HINDI makapagbabago ng iyong mga gene o DNA.

Ang mga bakunang Moderna at Pfizer ay parehong gumagamit ng Messenger RNA (o mRNA), isang sangkap na likas na ginagawa ng ating katawan. Ang mRNA ang siyang nagtuturo sa ating katawan na protektahan tayo sa pamamagitan ng paggawa ng mga selulang panlaban (antibodies) at iba pang mga selula na nakikipaglaban sa impeksiyon.

Ang mRNA mula sa bakunang COVID-19 ay hindi man lang pumasok sa pinakagitnang bahagi ng selula - na kinalalagyan ng ating DNA. Ito ay nangangahulugan na ang mRNA ay hindi maaaring makaapekto sa ating DNA sa anumang paraan. Sa sandaling matapos ng mRNA ang pagtuturo sa ating mga selula, ang mga enzyme naman ang siyang sisira sa mRNA kaya't mawawala na ito sa ating katawan.

Maaari bang baguhin ng mga bakunang COVID ang aking DNA? Ang aking personalidad? Ang mga gene ng aking pamilya?




### 2 Ang mga bakuna sa COVID-19 ay HINDI makapanghahawa sa iyo ng koronabayrus.

Walang koronabayrus sa alinman sa mga bakunang COVID-19. Hindi ka makakakuha ng koronabayrus mula sa pagbabakuna.

Itinuturo ng mga bakuna sa ating mga selula na gumawa ng isang protina na katulad ng natagpuan sa ibabaw ng COVID-19 bayrus. Upang maihatid ang mga tagubilin, ang mga bakuna ay gumagamit ng alinman sa messenger RNA (mRNA) o hindi nakapipinsalang bayrus ng pangkaraniwang sipon na binago upang hindi ito maging sanhi ng karamdaman. Natutunan ng ating katawang kilalanin ang protinang kailangan upang mapalakas ang pagtugon ng ating sistema sa sandaling pumasok ang COVID-19 bayrus sa ating katawan.

Maaari ba akong makakuha ng COVID-19 mula sa bakuna?




# 3

Ang mga bakunang COVID-19 ay maaaring maging sanhi ng banayad na mga sintomas tulad ng trangkaso, ngunit ang mga malalang reaksiyon ay napakadalang na mangyari.

Posibleng makaranas ng mga hindi magandang epekto tulad ng sakit ng ulo, pananakit ng braso, pagkapagod o lagnat sa loob ng isa o dalawang araw pagkatapos mong mabakunahan. Ngunit ang mga epektong ito ay panandalian lamang at mga patunay ito na gumagana ang bakuna.

Ang mga malubhang reaksiyon sa alerdyi (anaphylaxis) ay napakadalang, ngunit maaaring mangyari, lalo na sa mga taong may mga malubhang kondisyon sa alerdyi. Lahat ng ito ay magagamot.

Ang mga pag-iingat ay nasa tamang lugar na, sakali mang may mangyaring hindi inaasahan. Pagkatapos mong mabakunahan, hihilingin sa iyo na maghintay sa klinika ng 15 minuto upang matiyak na wala kang malubhang reaksiyong alerdyi sa bakuna.



Nag-aalala ako tungkol sa pagkakaroon ng malubhang reaksiyong alerdyi sa bakunang COVID-19.



# 4

Ang mga bakunang COVID-19 ay HINDI naglalaman ng mga chip sa pagsubaybay, tisyu galing sa sanggol, mga produktong galing sa karneng baboy, nakakapinsalang mga metal o nakakalasang mga sangkap.

Ang pangunahing sangkap sa parehong bakunang Pfizer at Moderna ay isang genetikong materyal na tinatawag na mRNA. Naglalaman din ang mga bakuna ng mga taba (lipids), mga asin, asidong asetiko (pangunahing sangkap sa suka), at asukal. Sa bakunang Johnson & Johnson (J&J), ang pangunahing sangkap ay isang bayrus ng pangkaraniwang sipon, ngunit binago upang hindi ito maging sanhi ng karamdaman. Ang bakunang J&J ay naglalaman din ng mga pampatatag (mga asin, alkohol, polysorbate 80, asidong hydrochloric) at mga asidong amino. Mas kaunti ang kanilang mga sangkap kaysa sa karaniwang supot ng patatas na chips!




Marami akong narinig na mga usapan tungkol sa mga nakapaloob sa mga bakuna.



# 5


Ang bakunang COVID-19 ay makababawas sa bilang ng mga nagpapaspital at pagkamatay sa mga pamayanan ng mga iba pang mga lahi ng tao.

Bago pa nabuo ang mga bakuna sa COVID-19, nagpahayag ng mga alalahanin ang mga aktibista at tagapagtaguyod tungkol sa makasaysayang at patuloy na pinsalang idinulot ng mga institusyong medikal at gobyerno sa Itim, Lumad, at iba pang mga lahi ng tao. Salamat sa kanilang pagsisikap, sa libu-libong mga tao na lumahok sa mga pagsubok sa bakunang COVID-19 ay sumasalamin sa pagkakaiba-iba ng ating populasyon. Ang mga bakuna ay naging epektibo at ligtas sa lahat ng mga pangkat ng lahi at etniko.



Bilang karagdagan, ginampanan ng iba pang mga lahi ng tao ang mga tungkulin sa pamumuno sa pagbuo ng mga bakuna. Halimbawa, si Dr. Kizzmekia Corbett, isang Itim na siyentipiko, ay nangunguna sa Pambansang Instituto ng Kalusugan (National Institute of Health) para sa pagsasaliksik sa bakunang koronabayrus.

Ang mga pamayanan ng Itim, Katutubong Amerikano, Latino, at Isla ng Pacific ay nakaranas ng mas mataas na bilang ng mga na-ospital at namatay mula sa COVID-19 sa King County. Ang mga pamayanang ito ay kabilang sa mga mas makikinabang sa mga proteksyon na inaalok ng pagbabakuna.



## Mga Karagdagang Mapagkukunang Babasahin



Para sa karagdagang impormasyon sa bakunang COVID-19 at nais mong malaman kung ikaw ay dapat mapabakunahan: [kingcounty.gov/covid/vaccine](https://kingcounty.gov/covid/vaccine) (Website sa Ingles lamang)

Alamin ang tungkol sa pangangalaga ng COVID-19, pagsusuri, paghihiwalay/pagkuwarantenas, at mga mapagkukunang impormasyon ng mga organisasyon: [KingCounty.gov/covid/filipino](https://KingCounty.gov/covid/filipino)

Para sa mga katanungang medikal tungkol sa COVID-19 o tulong sa pag-iskedyul ng pagpapasuri sa COVID-19 o appointment sa bakuna, tumawag sa: (206) 477-3977 anumang araw mula alas 8:00 ng umaga hanggang alas 7:00 ng gabi. Magagamit ang mga tagapagsalin ng wika.